


Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan

Industrial Arts – Modyul 4

Plano sa Gagawing Proyektong Pagkakitaan



**Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan – Ikalimang Baitang
Alternative Delivery Mode
Industrial Arts – Modyul 4: Plano sa Gagawing Proyektong Pagkakakitaan
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Christopher Magallanes

Editor: Idah M. Sayre, Jemmar J. De Asis, Henry T. Jarina

Tagasuri: Gloria Ano-os Gasal

Tagaguhit: Julio A. Cañega

Tagalapat: Julio A. Cañega

Tagapamahala:

Ramir B. Uytico

Arnulfo M. Balane

Rosemarie M. Guino

Joy B. Bihag

Ryan R. Tiu

Lani H. Cervantes

Alejandro S. Almendras

Maria Pia B. Chu

Allan O. Celedonio

Imelda A. Amodia

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – SDO - Region VIII

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte

Telefax: 053 832 2997

E-mail Address: region8@deped.gov.ph

Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan

**Industrial Arts - Modyul 4:
Plano sa Gagawing Proyektong
Pagkakakitaan**

Paunang Salita

Ang *Self-Learning Module* o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Sa Modyul na ito, malalaman mo ang iba't ibang hakbang sa pagbuo ng plano ng proyekto na nakadesinyo mula sa iba't ibang materyales na makikita sa pamayanan na ginagamitan ng elektrisidad at maaaring mapagkakakitaan.

Pagkatapos ng aralin, ikaw ay inaasahang nakabubuo ng plano sa gawaing proyekto na nakadesinyo sa iba't ibang materyales na makikita sa pamayanan na ginagamitan ng elektrisidad na maaaring mapagkakakitaan. (EPP5IA-0d-4)



Subukin

Gawain 1

Panuto: Kopyahin ang Balangkas ng Plano ng Proyekto sa iyong kuwaderno. Pagkatapos, punan ang mga patlang ng tamang bahagi ng balangkas ng plano sa isang proyekto. Piliin ang tamang sagot sa kahon.

- | | |
|----------------------------|-------------------------|
| a. Layunin | d. Pangalan ng Proyekto |
| b. Mga Hakbang | e. Krokis |
| c. Kagamitan at Materyales | |

Balangkas ng Plano ng Proyekto	
I. _____ :	
II. _____ :	
III. _____ :	
IV. _____ :	
V. _____ :	
Petsa ng Pagsisimula ng Paggawa: _____ Petsa ng Pagkatapos sa Paggawa: _____	
Inihanda ni: _____ Baitang 5	Binigyang Pansin ni: _____ Guro

Gawain 2

Panuto: Ibigay ang hinihingi ng bawat patlang. Isulat ang tamang sagot sa iyong kuwaderno.

- _____ 1. Ito ay tumutukoy kung ano ang proyektong gagawin.
- _____ 2. Ito ay ang guhit o ilustrasyon ng iyong planong proyekto.
- _____ 3. Ito ang mga tamang pagkakasunod-sunod ng mga gawain para mabuo ang proyekto.
- _____ 4. Ito ang mga kinakailangan na mga bagay para mabuo ang planong proyekto.
- _____ 5. Ito ay ang nais mong maisakatuparan kung bakit mo ginawa ang planong proyekto.

Aralin

1

Plano sa Gagawing Proyektong Pagkakakitaan

Mahalaga ang pagpapalano ng proyekto upang mas madali at matagumpay itong maisasagawa. Ang pagpapalano ang unang hakbang sa anumang gawaing sisimulan. Ito ay nakatutulong para makatipid sa panahon, lakas at pera na gugulin sa paggawa ng napiling proyekto. Kailangan din na ang mga kagamitan at materyales na gagamitin ay madaling makikita sa ating pamayanan.



Balikan

Panuto: Basahin ang mga kagamitang isinasaad sa bawat bilang. Isulat ang tsek kung ang bilang ay nagpapakita ng kagamitan na maaaring gamitin sa gawaing pang-elektrisidad at ekis naman kung hindi. Isulat ang sagot sa kuwaderno.

_____ 1. pláís

_____ 2. pait

_____ 3. electrical tape

_____ 4. lagari

_____ 5. Philips Screwdriver

_____ 6. liyábe

_____ 7. katám

_____ 8. disturnilyador

_____ 9. long nose pliers

_____ 10. tester



Tuklasin

Basahin.

Ang Plano ng Proyekto

Salamat sa mga Enhinyero at Arkitekto
Na siyang bumubuo ng plano
Para ang mga tulay at gusali maging polido
Hindi matitinag sa anumang lindol at bagyo
Dahil maraming buhay ang nakasalalay dito
Kaya ang plano ng proyekto ang sinisigurado
Para ang gawang estruktura at desinyo
Sa tibay aabutan pa ng inyong apo
At ang proyektong may plano
Sa pagkakamali ay malayo.

Sagutan:

- Mahalaga ba ang pagpaplano sa pagbuo ng proyekto? Bakit?
- Ano ang maitutulong ng pagpaplano sa pagbuo ng proyekto?



Suriin

Ang pagbuo ng plano ng proyekto ay isang mahalagang paghahanda sa anumang gagawing proyekto. Nagsisilbi itong gabay upang matapos nang maayos ang proyekto. Nakatutulong din ito para makatipid sa oras, lakas at pera sa paggawa ng proyekto.

Mga dapat isaalang-alang sa pagpili ng proyekto;


1. Tiyaking may pakinabang ang proyektong gagawin.
2. Maghanap ng mga impormasyon kung paano buuin ang proyekto.
3. Pumili ng simpleng disenyo at alamin ang mga hakbang sa paggawa nito.
4. Alamin ang mga kailangang materyales at mga kagamitang gagamitin.
5. Bigyang halaga ang mga materyales na madaling makita sa pamayanan at mga kagamitang hindi mahirap hanapin.
6. Gawing simple ang proyekto ngunit maganda.

Mga Bahagi ng Plano ng Proyekto;

1. Pangalan ng Proyekto – dito makikita ang tiyak na pangalan ng isang proyektong nais gawin.
2. Layunin – sa bahaging ito makikita ang totoong layunin ng pagbuo ng isang proyekto at kung paano mo ito mapapakinabangan.
3. Kagamitan/Materyales – dito sa bahaging to makikita ang lahat ng materyales at kagamitang maaaring gamitin upang mabuo ang isang proyekto. Nakalista dito ang bilang, unit, pangalan ng materyales, halaga ng bawat materyales at ang kabuuang halaga ng lahat na gagamitin.
4. Mga Hakbang – sa bahaging ito malalaman ang lahat ng mga hakbang sa pagbuo ng proyekto mula sa paghahanda ng mga kagamitan at materyales hanggang sa matapos at mabuo ang proyekto.
5. Krokis/Guhit – ito ang nagsisilbing gabay kung paano gagawin ang isang proyekto at nagpapakita ng tunay na larawan at kabuuang hitsura nito.

Narito ang halimbawa ng isang format ng “Balangkas ng Plano ng Proyekto”

Balangkas ng Plano ng Proyekto	
Pangalan ng Proyekto:	
Layunin:	
Kagamitan at Materyales:	
Mga Hakbang:	
Krokis	
Petsa ng Pagsisimula ng Paggawa:	Petsa ng Pagkatapos sa Paggawa:
Inihanda ni: _____	Binigyan Pansin ni: _____
Baitang 5	Guro



Pagyamanin

Gawain 1: Basahin ang talata at sagutin ang pagsasanay sa ibaba.

Balangkas ng Planong Proyekto.

Ang pangalan ng proyekto ang dapat unang isusulat sa plano. Kasunod ang layunin na nagsasaad kung bakit gagawin ang naturang proyekto. Ang sunod na aalamin ay ang mga kagamitan at materyales tulad ng kawayan, plastic bottle, wire, switch at screwdriver na kakailanganin sa pagbuo ng proyekto. Pagkatapos ay alamin ang mga tamang hakbang na dapat gawin upang magagawa ito ng maayos. Higit sa lahat importanteng ilagay sa plano krokis o drawing ng iyong proyekto na nagsisilbing gabay kung paano ito gagawin.


Pagsasanay 1

Panuto: Isulat ang **TAMA** kung ang isinasaad ng pangungusap ay tama at **MALI** kung ito ay hindi tama. Isulat ang iyong sagot sa kwaderno.

- _____ 1. Ang krokis ay ang guhit o drawing na nagsisilbing gabay kung paano gagawin ang isang proyekto.
- _____ 2. Kawayan, *plastic bottle*, *wire*, *switch* at *screwdriver* ay ilan lamang sa maraming uri ng mga materyales at kagamitang maaaring gamitin sa pagbuo ng isang proyekto.
- _____ 3. Iwasang alamin ang mga tamang hakbang sa pagbuo ng proyekto upang hindi masunod ang kabuuan ng plano ng proyekto.
- _____ 4. Dapat isaalang-alang ang kalidad sa pagpili ng mga materyales at kagamitan na gagamitin sa pagbuo ng proyekto.
- _____ 5. Sa Bahagi ng Kagamitan makikita ang bilang at sukat ng mga materyales na gagamitin, unit, pangalan ng materyales, halaga ng bawat materyales at ang kabuuang halaga nito.


Gawain 2

Panuto: Pag-aralan ang Semantic Web.



Pagsasanay 2

Panuto: Pagtambalin ang mga bahagi ng plano ng proyekto sa hanay A sa angkop na sagot sa hanay B. Isulat ang tamang sagot iyong kwaderno.


HANAY A	HANAY B
<ol style="list-style-type: none"> 1. Pangalan ng Proyekto 2. Layunin 3. Kagamitan at Materyales 4. Mga Hakbang 5. Krokis 	<ol style="list-style-type: none"> a. Naipapakita ang tamang paraan sa paggawa ng extension cord. b. Paggawa ng extension cord c. <ol style="list-style-type: none"> 1. Ihanda ang mga kagamitang kakailanganin sa paggawa ng proyekto 2. Simulan ang gawain sa pamamagitan ng pagpasok ng kabilang dulo ng kable sa male plug. 3. Hatiin sa dalawa ang kable gamit ang kamay hanggang 8 sentimetro. 4. Balatan ang magkabilang dulo ng kable gamit ang wire cutter at long nose pliers. 5. Ikutin ang nakabalot na wire hanggang sa malinis na ito tingnan. 6. Luwagan ang turnilyo ng male plug at iikot ang nakabalot na kable sa turnilyo tsaka ito higitan gamit ang screw driver. d. Long nose pliers, wire cutter, 1 pc. convenience outlet, male plug at 3m #14 stranded wire e. 

Gawain 3: Pag-aralan ang halimbawa ng plano ng paggawa ng proyekto.

PLANO SA GAGAWING PROYEKTO

- I. Pangalan ng Proyekto: Paggawa ng patungan ng aklat
- II. Layunin: Nasusunod ang tamang proseso at paraan sa paggawa ng proyekto.
- III. Mga Kagamitan at Materyales: 1 $\frac{3}{4}$ plywood, angle bar, wood glue, pako, 2 pirasong papel de liha, 2 pirasong inch moulding at 1 boteng barnis
- IV. Mga Hakbang:
 1. Ihanda ang mga kasangkapan at materyales na gagamitin.
 2. Sukatin ang materyales na gagamitin ayon sa iyong plano.
 3. Putulin ang mga bahagi. Sundin ang tamang sukat.
 4. Gumamit ng katam sa paglilinis sa magagaspang na mga bahagi nito.
 5. Lagyan ito ng *stickwel glue*.
 6. Isa-isahing ipako ang mga bahagi ng patungan.
 7. Isaalang-alang ang tamang paraan sa pagbuo ng proyekto.
 8. Lagyan ng tig-apat na *angle bar* ang mga ilalim ng bawat isang patungan.
 9. Pakinisin gamit ang liha bago pahiran ng barnis ang buong patungan.
 10. Ipakita sa guro ang natapos na proyekto.

V. Krokis:



Petsa ng Pagsisimula ng Paggawa: ____

Petsa ng Pagkatapos sa Paggawa: ____

Inihanda ni:

Binigyan Pansin ni:

Baitang 5

Guro

Pagsasanay 3.

Panuto: Subukang magbuo ng isang plano ng paggawa ng proyekto na maaaring mapagkakakitaan gamit ang materyales na makikita sa iyong pamayanan na ginagamitan ng elektrisidad.

Plano sa Gagawing Proyekto	
I. Pangalan ng Proyekto: _____	
II. Layunin: _____	
III. Mga Kagamitan at Materyales: _____	
IV. Mga Hakbang: _____	
V. Krokis: _____	
Petsa ng Pagsisimula ng Paggawa: ____ Petsa ng Pagkatapos sa Paggawa: ____	
Inihanda ni: _____	Binigyang Pansin ni: _____
Baitang 5	Guro

Rubric para sa Plano ng Gagawing Proyekto

PAMANTAYAN	Puntos				
	5 Napakahusay	4 Mahusay	3 Mahusay- husay	2 Hindi Gaanong Mahusay	1 Kailangan pang Paghusayin
1. Pagkamalikhain					
2. Ang mga kagamitan at materyales ay makikita sa pamayanan.					
3. Kompleto ang detalye ng mga hakbang.					

Pagpapakahulugan:

- 1-3 - Kailangan pang Paghusayan
- 4-6 - Hindi Gaanong Mahusay
- 7-9 - Mahusay husay
- 10-12 - Mahusay
- 12-15 - Napakahusay



Isaisip

Panuto: Punan ang patlang ng tamang salita upang mabuo ang kaisipan sa aralin na ito. Piliin ang tamang sagot sa loob ng kahon. Isulat ang iyong sagot sa kuwaderno.

pagpaplano	importanteng
matapos	oras materyales

Ang _____ sa paggawa ng proyekto ay isang _____ paghahanda sa anumang gawaing sisimulan. Ito ay magsisilbing gabay upang _____ nang madali at maayos ang proyekto. Malaking tulong din ito upang makatipid ng _____, lakas, at pera sa iba't ibang _____ sa paggawa ng napiling proyekto.



Isagawa

Panuto: Maghanap ng materyales na makikita sa inyong pamayanan. Gumawa ng sarili mong plano at disenyo sa proyektong nais mong gawin gamit ang elektrisidad. Sundin ang format na ito.

Plano sa Paggawa ng Proyekto

- I. Pangalan ng Proyekto: _____
- II. Layunin: _____
- III. Mga Kagamitan at Materyales: _____
- IV. Mga Hakbang: _____
- V. Krokis: _____

Petsa ng Pagsisimula ng Paggawa: ____ Petsa ng Pagkatapos sa Paggawa: ____

Inihanda ni:

Baitang 5

Binigyan Pansin ni:

Guro

RUBRIC SA GINAWANG PLANO NG PROYEKTO

PAMANTAYAN	Puntos				
	5 Napakahusay	4 Mahusay	3 Mahusay- husay	2 Hindi Gaanong Mahusay	1 Kailangan pang Paghusayin
1. Pagkamalikhain					
2. Ang mga kagamitan at materyales ay makikita sa pamayanan.					
3. Kompleto ang detalye ng mga hakbang.					



Tayahin

Panuto: Buuin ang plano sa paggawa ng proyekto na nakadesinyo mula sa iba't ibang materyales na makikita sa pamayanan na ginagamitan ng elektrisidad. Maaaring magsaliksik at magtanong para sa karagdagang impormasyon.

Plano sa Paggawa ng Proyekto

- I. Pangalan ng Proyekto: Paggawa ng Lampshade
- II. Layunin: Maipakita ang tamang paraan sa paggawa ng lampshade
- III. Mga Kagamitan at Materyales: _____
- IV. Mga Hakbang: _____
- V. Krokis: _____

Petsa ng Pagsisimula ng Paggawa: _____ Petsa ng Pagkatapos sa Paggawa: _____

Inihanda ni:

Baitang 5

Binigyan Pansin ni:

Guro

Rubric para sa Plano ng Gagawing Proyekto

PAMANTAYAN	Puntos				
	5 Napakahusay	4 Mahusay	3 Mahusay- husay	2 Hindi Gaanong Mahusay	1 Kailangan pang Paghusayin
1. Pagkamalikhain					
2. Ang mga kagamitan at materyales ay makikita sa pamayanan.					
3. Kompleto ang detalye ng mga hakbang.					

Pagpapakahulugan:

- 1-3 - Kailangan pang Paghusayan
- 4-6 - Hindi Gaanong Mahusay
- 7-9 - Mahusay husay
- 10-12 - Mahusay
- 12-15 - Napakahusay



Karagdagang Gawain

Magsagawa ng isang panayám sa iyong kapitbahay, kakilalang karpintero o anlowage, kaibigan o kamag-anak na may kasanayan sa paggawa ng lampshade na yari sa kawayan. Maaari din magsaliksik sa tulong ng internet tungkol sa tamang hakbang sa pagbuo nito.



Susi sa Pagwawasto

Pagpasanay 2	1. b 2. a 3. d 4. c 5. e
Pagpamanin	1. Tama 2. Tama 3. Mali 4. Tama 5. Tama
Balikan:	1. ✓ 2. x 3. ✓ 4. x 5. ✓ 6. x 7. x 8. x 9. ✓ 10. ✓
Subukin:	1. d 6. Pangalan ng Proyekto II. a 7. Krokis III. c 8. Mga Hakbang IV. b 9. Kagamitan at Materyales V. e 10. Layunin

PAMANTAYAN						Isaisip pagplano importanteng matapos oras materyales
1. Pagkamalikhain						
2. Ang mga kagamitan at materyales ay makikita sa pamayanan.						
3. Kompleto ang detalye ng mga hakbang.						
Puntos						
1	2	3	4	5	n	
Kailangan pang Paghusayin	Hindi Gaanong Mahusay	Mahusay-husay	Mahusay	Napakahusay	n	

Rubric para sa Plano ng Gagawing Proyekto

Pagpasanay 3

- 1-3.....Kailangan pang Paghusayan
- 4-6.....Hindi Gaanong Mahusay
- 7-9.....Mahusay husay
- 10-12.....Mahusay
- 12-15.....Napakahusay

Pagpapakahulugan:

PAMANTAYAN						Isaisip pagplano importanteng matapos oras materyales
1. Pagkamalikhain						
2. Ang mga kagamitan at materyales ay makikita sa pamayanan.						
3. Kompleto ang detalye ng mga hakbang.						
Puntos						
1	2	3	4	5	n	
Kailangan pang Paghusayin	Hindi Gaanong Mahusay	Mahusay-husay	Mahusay	Napakahusay	n	

Rubric para sa Plano ng Gagawing Proyekto

Isagawa/Tayahin

Sanggunian

Curriculum Guide, Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan 5, EPP5IA-0d-4

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph